Tagalog

Vol.33 | 2023.06

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation

## 【Paunawa tungkol sa Regular na Pagbabayad ng Allowance para sa Bata (Jidou-teate) sa Hunyo】



Petsa ng pagbabayad para sa panahon ng Hunyo: Ang bayad para sa Pebrero hanggang Mayo 2023 ay ibibigay sa Hunyo 9.

● **Allowance para sa bata (Para sa mga kumikita ng mas mababa pa sa itinakdang kita)**

| Kategorya ng edad | Halaga ng pagbabayad (buwanang halaga) |
| --- | --- |
| Mababa sa 3 taong gulang (lahat) | 15,000 yen |
| 3 taong gulang o pataas bago makumpleto ang elementarya (Una at ikalawang anak) | 10,000 yen |
| 3 taong gulang o pataas bago makumpleto ang elementarya (Ikatlo o pagkatapos na anak) | 15,000 yen |
| Estudyante sa junior high school | 10,000 yen |

● **Special allowance**
(Tokurei-kyufu) (Para sa mga kumikita ng higit sa itinakdang kita ngunit mas mababa pa sa pinakamataas na kita)
Lahat ... Buwanang halaga 5,000 yen

Medical Care for Children, Childcare Support Division
☎ 03-5744-1275
FAX 03-5744-1525



···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Paano mag-apply ···· Saan ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

## 【Gabay tungkol sa Educaltional Consultation Office ~Pag-usapan natin ang iyong mga problema~】

Nagbibigay kami ng konsultasyon tungkol sa mga problema sa edukasyon, pagkatao, problema sa pag-uugali, karamdaman sa pag-unlad, pambubully, pakikipagkaibigan, pag-aaral, at karera ng iyong anak at iba pa sa pamamagitan ng telepono o nang harapan.



©Ota City

Educational Consultation Office, Ota City Educational Center
☎ 03-5748-1201 FAX 03-5748-1390

**Para kanino**

- Mga bata/estudyante at kanilang magulang/tagapag-alaga na naninirahan sa Ota City hanggang sa katapusan ng compulsory education
- Mga bata/estudyante na hindi makapasok sa paaralan ngunit nais dumalo sa klase sa Tsubasa

**Paano kumonsulta**

- Mangyaring mag-apply nang maaga sa telepono at magpareserba ng petsa ng pagpunta.
- Tumatanggap din kami ng konsultasyon sa telepono.

*Mangyaring makipag-ugnayan sa pamamagitan ng taong marunong mag Nihongo. Gayundin, kung kailangan niyo ng interpreter, mangyaring ipaalam ito sa amin nang maaga.

**Araw at oras ng konsultasyon**

Lunes-Biyernes 9:00 am-7:00 pm
Sabado, Linggo 9:00 am-5:00 pm
*Walang opisina tuwing pista opisyal at katapusan at simula ng taon

## 【Mag-apply para sa katayuan ng paninirahan pagkatapos ipanganak ang inyong sanggol】

Kapag ipinanganak ang inyong sanggol sa Japan at napapailalim sa mga sumusunod, kailangan mag-apply para sa katayuan ng paninirahan sa Tokyo Regional Immigration Bureau sa loob ng 30 araw mula sa araw ng kapanganakan.

- Ang nasyonalidad ng sanggol ay hindi Hapon
- Mananatili ng 60 araw o higit pa mula nang ipinanganak

【Lugar na tumatanggap ng aplikasyon】
Tokyo Regional Immigration Bureau 5-5-30 Konan, Minato-ku, Tokyo
☎ 0570-034259

Household Residents Registry Division ☎ 03-5744-1187 FAX 03-5744-1701

## 【Maaaring mag-isyu ng taxation (tax exemption) certificate at tax payment certificate】

Maaaring mag-isyu ng taxation (tax exemption) certificate at tax payment certificate para sa resident tax (special city residence tax at metropolitan residence tax) para sa bagong piskal na taong 2023. Ang mga makakapag-isyu ng patunay ng kita sa 2022 ay ang mga nakarehistro bilang residente ng Ota City sa Enero 1, 2023 at nagdeklara ng tax.

【Mga kailangang bagay】

- Kapag pupunta ang indibidwal sa tanggapan
  Bagay na maaaring magpatunay ng pagkakakilanlan (residence card, atbp.)
- Kapag pupunta ang representative sa tanggapan
  - ■ Power of attorney (salin sa wikang Hapon kapag nakasulat ito sa ibang wika maliban sa wikang Hapon)
  - ■ Bagay na maaaring magpatunay ng pagkakakilanlan ng representative

*Maaari ninyong i-print mula sa website ang papel ng power of attorney

【Tanggapan】

- Ika-4 palapag ng Ota City Office
- Mga City Branch Office, atbp.

Mula Hunyo 9, 2023 (Biyernes) Taxation Division ☎ 03-5744-1192 FAX 03-5744-1515

# 【Tungkol sa pagbabayad ng resident tax】

Ang unang deadline para sa pagbabayad ng special ward tax at metropolitan residence tax ay sa Hunyo 30. Ang pangalawang deadline para pagbabayad ay sa Agosto 31. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tignan ang website ng Lungsod ng Ota.

Omori ☎ 03-5744-1200
Chofu ☎ 03-5744-1201
Kamata ☎ 03-5744-1202
Sa labas ng Ota City ☎ 03-5744-1203

Mangyaring i-check ang paunawang iyong natanggap para sa contact information.

FAX 03-5744-1517
URL https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/zeikin/

# 【Tungkol sa pagbabakuna para sa COVID-19】



©Ota City

Ang Ota City ay nagsasagawa ng pagbabakuna para sa COVID-19. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa "tanggapan ng aplikasyon (contact information)" sa ibaba.

Para sa mga pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbabakuna, mangyaring tingnan ang website ng Lungsod ng Ota.

Ota City COVID-19 Vaccination Call Center
☎ 03-6629-6342
(Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 am hanggang 5:15 pm
*Maliban sa Sabado, Linggo, at holidays)
Ota City COVID-19 Vaccine Multilingual Interpretation Service (tutulong kami sa iyong pagpapareserba)
☎ 03-6436-4731
(Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 am hanggang 5:15 pm
*Maliban sa Sabado, Linggo, at holidays)

# 【Espesyal na eksibisyon na ginugunita ang ika-200 na anibersaryo ng kapanganakan ng Katsu Kaishu】

**～Katapusan ng panahon ng Edo kasama ang kanyang pamilya Mga miyembro ng pamilya nag-alaga ng tirahan habang wala si Kaishu～**

Si Katsu Kaishu na nagsikap magtrabaho upang maprotektahan ang Japan sa panahon ng nagbabago ang panahon ng Japan mula sa panahon ng mga Samurai papunta sa bagong mundo. Lilinawin ang mga hindi kilalang aktibidad ng mga miyembro ng pamilya at tagapagsunod habang nasa malayo si Kaishu sa trabaho at ang kanilang bono kay Kaishu. Abangan ang mga family portrait ng pamilya ni Kaishu na inayos gamit ang crowdfunding noong 2021 at ang bagong gawa na explanatory video. Magbebenta din ng mga librong nagpapaliwanag ng exhibit.



Portrait ni Katsunobu, ina ni Kaishu

Abril 21 (Biyernes) - Agosto 6 (Linggo), 2023
■ Oras na bukas 10:00 am - 6:00 pm
*Araw na sarado Lunes (sarado din ang kasunod na araw kung national holiday and Lunes)
*Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.

Katsu Kaishu Memorial Museum

■ Bayad sa pagpasok Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school student 100 yen (may iba't-ibang discounts)

☎ 03-6425-7608 FAX 03-6425-7610

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Paano mag-apply ···· Saan ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

# 【Ota City Community Cycle】

Ang Ota City Community Cycle ay isang serbisyo kung saan maaaring mag renta at magsauli ng bisikleta kahit saan sa mga nakalaang cycle port (parking area ng bisikleta). Maaaring mag renta at magsauli ng bisikleta sa kahit saang cycle port sa loob ng 15 wards sa Tokyo.



- Maaaring gamitin 24 oras
- Humigit-kumulang 1,100 lokasyon sa Tokyo (130 lokasyon sa Ota City)
- 1-time membership 165 yen/30 minuto
  Monthly membership 3,300 yen/buwan (150 yen kada 30 minutong extension)
  1-day pass 1,650 yen/araw (hanggang 11:59 pm sa araw na ginamit)
- Magrehistro para sa membership mula sa website
- https://docomo-cycle.jp/tokyo/
- Urban Infrastructure Development Management Division
  ☎ 03-5744-1315
  FAX 03-5744-1315
  E-mail toshikan@city.ota.tokyo.jp



©Ota City

# 【Pag-iwan at pagkuha ng bisikleta at iba pa】

Hinihiling ng Ota City na huwag iwan ang inyong bisikleta sa mga pampublikong lugar (kalsada, parke, plaza ng istasyon, at iba pang lugar bukod sa parking area ng bisikleta) ayon sa regulasyon. **Kapag ipaparada ang bisikleta kahit na panandalian lamang, iparada ito sa parking area ng bisikleta.** Ayon sa regulasyon, ang bahagi ng lugar sa harap ng mga istasyon ay itinalaga bilang lugar na ipinagbabawal ang pag-iwan ng mga bisikleta at ang mga bisikleta sa mga lugar na iyon ay regular na kinukuha. Sa prinsipyo, ang mga nakuhang bisikleta ay iniimbak sa imbakan ng 30 araw. Mangyaring tandaan na idi-dispose ang mga bisikletang lumagpas na sa panahon ng pag-imbak. Lumikha tayo ng ligtas na bayan kung saan sinusunod ang mga patakran at pag-uugali at walang iniiwan na bisikleta.

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1390
FAX 03-5744-1527

**Paunawa tungkol sa pagbabawal ng pag-iiwan ng mga bisikleta at iba pa**

https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/sumaimachinami/jitensha/houchikinshi2.html

**Imbakan ng mga iniwang bisikleta at iba pa**

https://www.city.ota.tokyo.jp/shisetsu/hokanjo/jitenshahokanjo.html

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
Address　〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku　Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan

▼ Multilingual Consultation Desk